PAGPOPONDO SA MUSIKA – Round na nakapokus sa Bagong Musika
Bagong Pan-Asian na Musika

## Panimula

- Ang pangunahing tungkulin ng NZ On Air ay salaminin at paunlarin ang identidad at kultura ng New Zealand. Sinusuportahan namin ang iba't ibang mga uri ng audio/visual na media content sa New Zealand para sa kasiyahan ng maraming pangkalahatan at tinarget na mga audience (tagapakinig at tagapanood) sa New Zealand.
- Sa 2023/24 na taon ng pagpopondo, kami ay nangangako ng **hanggang $220,000** upang magsagawa ng isang round lamang ng pagpopondo para sa Bagong Single na Musika na ang pokus ay Pan-Asian.
- Ang pagpopondo sa musikang ito na para sa tinarget na audience ay bahagi ng istratehiya ng NZ On Air upang maabot ang di-gaanong nasisilbihang mga audience.
- Inaasahan na ang pangangailangan para sa mga pondo ay hihigit sa aming badyet, kaya hindi lahat ng mga aplikasyon ay magiging matagumpay sa pagtanggap ng pondo.

## Layunin

- Upang paramihin ang may-kalidad na content ng musikang Pan-Asian para sa Pan-Asian at mas malawak na pangkalahatang audience sa Aotearoa sa pamamagitan ng radyo at mga serbisyong pangmusika sa online.
- Upang tukuyin at suportahan ang mga lumilikha ng musikang Pan-Asian upang pahusayin ang produksyon ng may-kalidad at pang-visual na mga elemento para sa mga single na may malaking potensyal upang makipag-ugnayan sa mga Pan-Asian at pangkalahatang audience sa Aotearoa.

## Mga detalye

- Ang mga kaloob para sa Bagong Single na Musikang Pan-Asian ay makukuha ng sinumang taga-New Zealand na ang pinagmulan ay Asian. Ang mga aplikante ay dapat Mamamayan o Permanenteng Residente ng New Zealand.
- Kahulugan ng Pan-Asian - Tinutukoy namin ang kahulugan ng Pan-Asia ayon sa United Nations na kinabibilangan ng buong Asia pati na rin ang Middle East.
- Ang mga pangunahing mga outlet para sa pagbrodkast at sa online para sa musikang ito sa Aotearoa ay kabibilangan ng Student Radio Network, mga komersyal na istasyon ng radyo, Access Radio at espesyalistang Pan-Asian radio at mga DSP sa iba't ibang mga streaming service playlist, at mga video streaming site.
- Ang mga matagumpay na tatanggap ay susuportahan ng dalawang propesyonal na sesyon ng pagpaplano sa pamamagitan ng Music Managers Forum na nakapokus tulungan ang mga matagumpay na aplikante na makakuha ng pinakamagaling na maaaring pag-brodkast at epekto sa online ng kanilang pinondohang gawain.
- Isasaalang-alang ang lahat ng uri ng musika, na nasa mga wikang Pan-Asian at Ingles.

## Mga Uri ng Pagpopondo

- Ang mga aplikante ay maaaring mag-aplay ng isang awitin na hindi pa kumpleto (demo) at kung magtatagumpay, gamitin ang pondo para sa mga gastusin sa pagre-record, mixing at mastering, pag-release, video content at promosyon.

- O kung kumpleto na ang awitin, maaari kang mag-aplay na may kumpletong track at kung magtatagumpay, gamitin ang pondo para lamang sa video content at promosyon.
- Maaari lamang kaming tumanggap ng isang awitin kada artist para isaalang-alang sa round.

Mga halaga ng pondo

- Ang round na ito na nakapokus sa Bagong Pan-Asian na Musika ay magbibigay ng pondo upang propesyonal na mag-record ng isang single, gumawa ng visual na representasyon para sa awitin (halimbawa, music video o iba pang video content, social media content, at iba pa), at i-promote at gawan ng publisidad ang awitin, na naglalayong magkakamit ng oras ng pagpapatugtog nito sa radyo at mahalagang pagpapatugtog sa pangunahing mga serbisyo ng streaming at nagpapalabas ng video.
- Hanggang $10,000 (pati GST) ang bawat grant para sa Bagong Single na Musikang Pan-Asian. Walang kailangang co-investment (magkasalong pamumuhunan) ng artist/may hawak ng mga karapatan, subali't kung may kailangang karagdagang pamumuhunan para makumpleto ang proyekto, ang artist/may hawak ng mga karapatan ang magiging responsable sa bahaging iyon ng pamumuhunan.
- Isasama rin sa mga grant ang mandatoryong Artist Creation Fee na hanggang $1,000 (+ GST) na nasa itaas ng grant, at kinikilala ang paglikha ng artist ng orihinal na kanta. Ang kabuuang pondo ay $11,000 bawat grant.
- Mayroong 20 grant na makukuha sa 2024 round.

Nakatakdang panahon
Mga Aplikasyon sa Online Lamang

- Ang mga aplikante ay dapat mag-aplay SA ONLINE LAMANG sa https://newmusicsingles.nzonair.govt.nz – at piliin ang opsyong New Music Pan Asian round.
- Ang mga aplikasyon ay magbubukas sa 9:00 ng umaga sa ika-26 ng Abril 2024 at magsasara sa ika-16 ng Mayo 2024 sa 4:00 ng hapon.
- Walang mga pamantayan sa pagiging marapat para sa pondong ito. Kailangan mong magbigay ng mga detalye ng awitin at uri ng pondong kailangan (para sa pagre-record, video content at promosyon; o video content at promosyon lamang).
- Ikaw ay dapat may isang .mp3 na bersyon ng awitin (pang-demo o kumpletong awitin) na handa na para ma-upload bilang bahagi ng proseso ng aplkasyon.
- Ang huling araw ng pag-aplay ay istriktong sa Huwebes, Ika-16 ng Mayo 2024 sa 4:00 ng hapon. Walang tatanggaping nahuling aplikasyon.
- **Ang aplikasyon sa online ay magbubukas tatlong linggo bago ang huling araw ng pag-aplay.**

Pag-aabiso ng pagpopondo

- Aabisuhan ang mga artist kung sila ay nagtagumpay bago dumating ang Huwebes, ika-16 ng Hunyo 2024

Mga pamantayan sa pagtasa

- Ang mga aplikasyon at mga awitin ay tatasahin ng NZ On Air at isang panlabas na lupon ng mga Pan-Asian na propesyonal sa musika.
- Ang mga pangunahing salik sa proseso ng pagtasa ay:
    - Potensyal na ma-brodkast ang awitin sa mga radyo sa New Zealand, na tutulong upang palakihin ang antas ng musikang Aotearoa sa radyo
    - Potensyal para sa awitin na magkaroon ng epekto sa mga online audience sa New Zealand na may mga mahalagang stream/view/share/like/iba pang ugnayan para sa pinondohang awitin
    - Ebidensya na may mga tagahanga ang artist (halimbawa, mga sumunod sa alinmang mga awitin na nailabas sa ngayon, mga dumalo sa live show, dami ng mga tagahanga sa social media, iba pang mga nakamit sa musika)
    - Pangkulturang kahalagahan ng proyekto para sa mga audience na New Zealand at Pan Asian.
    - Katatagan ng awitin, plano sa pag-release at aplikasyon sa kabuuan.

Ang mga maliliit na titik

Kung matagumpay ang iyong aplikasyon, kabilang sa iba pang mga kahingian ang pagtatakda namin na:

• Dapat malaman ng mga producer at artist ang kanilang mga obligasyon sa ilalim ng Health and Safety at Work Act 2015.

- Ang mga producer ng mga proyektong video ay kailangang:
- sundin ang mga patnubay sa Health and Safety in the New Zealand Screen Sector na matatagpuan sa [http://screensafe.co.nz](http://screensafe.co.nz)
- sumunod sa napagkasunduang mga pamantayan sa pang-industriyang gawain na ipinahayag sa Individual Performance Agreement (SPADA and NZ Actors Equity) at sa The Blue Book (NZ Film and Video Technicians Guild)
- Lagdaan ang kasunduan sa NZ On Air Safe Spaces
- Ang content ay malinaw na pinangalanang pinondohan ng NZ On Air. Basahin ang aming mga kahingian sa akreditasyon dito.
- Ang sumusunod na karaniwang mga takda at kundisyon ay nalalapat sa iyong aplikasyon.
    - Sa pagsusumite ng iyong aplikasyon, ipapalagay na nabasa, naunawaan at sang-ayon ka na masaklawan ng mga takda at kundisyong ito:
    - dapat mong sagutin ang lahat ng iyong sariling gastusin sa paghahanda at pagsusumite ng iyong aplikasyon
    - ikaw ang kakatawan at gagarantiya na lahat ng impormasyong ibibigay mo sa amin ay kumpleto at tama
    - maaari naming pagkatiwalaan ang lahat ng mga pahayag na iyong ginawa sa iyong aplikasyon
    - maaari naming baguhin, suspindihin, kanselahin at/o muling mag-isyu ng mga patnubay na ito sa anumang oras
    - maaari naming ipagpaubaya ang anumang mga iregularidad o impormalidad sa proseso ng aplikasyon
    - maaari kaming humingi ng paglilinaw ng anumang panukala at makipagkita sa sinumang aplikante
    - hindi kami hihingi ng paglilinaw sa lahat ng mga aplikasyon o makikipagkita sa lahat ng mga aplikante

- hindi kailangang tumanggap kami ng anumang aplikasyon
- hindi ka magsusumite sa iyong aplikasyon ng anumang mga datos na lalabag sa anumang karapatan ng ikatlong partido (kabilang ang mga karapatan sa intelektwal na ari-arian at pagkapribado) o di-kanais-nais, hindi tama o nakakalinlang
- sang-ayon tayong pareho na gagawa ng mga makatwirang hakbang upang protektahan ang kumpidensyal na impormasyon ng isa't isa
- ang aming obligasyon na protektahan ang iyong kumpidensyal na impormasyon ay sumasailalim sa Official Information Act 1982 at iba pang mga kalakaran ng batas, parlamento at konstitusyon
- walang ligal na relasyon na sumasaklaw sa atin: ang matagumpay na panukala ay pormal na tatanggapin lamang kung kapwa tayo lalagda sa kontrata ng pagpopondo